

Narito ang mga kailan- gang ninyong malaman kung plano kayong palayasin ng nagpapaupa

Ang Handbook para Maiwasan ang Pagpapalayas ng
Lungsod ng Toronto

MANALO NG \$25 NA GIFT CARD!

Sabihin sa amin kung paano mapapaganda ang
toolkit para matugunan ang inyong mga kailangan.

Sumali sa pamamagitan ng email: cxi@toronto.ca

Mga detalye: Isang buwanang raffle para sa \$25 na
gift card mula ngayon hanggang Disyembre 31, 2021.
Tanging mga mananalo sa raffle ang tatawagan.

Issue 1.0
Hunyo 2021



Pagtatatwa

Ang impormasyong nilalaman ng dokumentong ito ay para lamang sa pangkalahatang impormasyon at hindi maituturing na legal o ibang propesyonal na payo o isang uri ng opinyon. Dapat makipag-ugnayan ang mga indibidwal sa isang abogado, ahensiyang nagbibigay ng paralegal o legal na serbisyo para pag-usapan ang kanilang partikular na legal na mga isyu. Ang impormasyong kasama sa dokumentong ito ay pinakabago ayon sa orihinal nitong pagkakatathala, ngunit hindi dapat asahan na napapanahon dahil ay batas ay palaging nagbabago. Hindi mananagot ang Lungsod ng Toronto para sa anumang pinsala na magmumula sa inyong paggamit o pagtitiwala sa anumang nilalaman nito.

Tungkol sa Handbook

Ang handbook na ito ay isang pangkabuuang ideya na nilalayong makatulong sa mga nangungupahan na maunawaan ang pangkalahatang proseso ng pagpapalayas. Para sa karagdagang impormasyon at legal na payo, mangyaring tingnan ang mga materyales ng Legal Aid Ontario sa programa na AStepstoJustice at ang Lupon ng Nagpapaupa at Nangungupahan sa Ontario.

Maaaring makakatulong nang malaki ang madudulugang ito para gabayan kayo sa mga proseso ng pagpapalayas at kung ano ang dapat alamin kung sakaling masangkot kayo sa mga kaso na sumusunod kayo sa mga alituntunin subalit gusto pa rin kayong palayasin ng nagpapaupa. Mabuting alamin ang inyong nga karapatan at pananagutan gaya ng nakasaad sa Residential Tenancies Act (RTA). Maaari kayong magkaroon ng kopya ng RTA sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Lupon ng Nagpapaupa at Nangungupahan sa sekyon ng madudulugan ng booklet na ito.

Ito ang unang bersiyon ng isang obrang patuloy na ginagawa at aming ikinasisiya na magkaroon ng inyong input/pakikibahagi dito. Kung mas maraming feedback ang aming matatanggap, mas lalo ito bubuti. Mangyaring magpadala ng email sa cxi@toronto.ca kung kailangan ninyo ang toolkit na ito sa ibang wika.

Pinasasalamatan namin ang maraming nangungupahan at mga samahan ng mga nangungupahan na tumulong sa amin sa paggawa sa aklat na ito para sa kanilang patuloy na pakikibahagi sa amin pati na sa maraming Sangay, indibidwal at organisasyon sa komunidad na nakapagbigay na sa amin ng feedback.



Alamin ang inyong mga karapatan

Inaatasan ang mga nagpapaupa na magbigay ng opisyal na abiso ng pagpapalayas sa ilalim ng Residential Tenancies Act

Hangga't hindi nagbibigay ang nagpapaupa ng opisyal na Abiso ng Pagpapalayas, hindi magsisimula ang proseso ng pagpapalayas.

Kung sinabihan lang kayo ng nagpapaupa na umalis o sumulat sa inyo ng email o paalala para hilingin sa inyo na umalis, hindi nito sinisimulan ang pormal na proseso ng pagpapalayas.

Kung nakatanggap kayo ng opisyal na abiso tungkol sa pagpapalayas, hindi ninyo kailangang umalis kaagad.

Ito lamang ang unang hakbang ng proseso ng pagpapalayas.

Opisyal na Abiso ng Pagpapalayas

MGA EKSEPSIYON

Kung nakikigamit kayo ng kusina o banyo ng nagpapaupa o miyembro ng pinakamalapit na pamilya ng nagpapaupa, hindi kayo protektado ng Residential Tenancies Act. Sa sitwasyong ito, hindi kailangang sundin ng nagpapaupa ang legal na proseso ng pagpapalayas. Maaaring hilingin nila sa inyo na umalis anumang oras. Sa sitwasyong ito dapat kaagad kayong dumulog sa isang ahensiya na nagbibigay ng legal na payo.

Abiso upang tapusin ang inyong Pangangupahan Para sa Hindi pagbabayad ng Renta N4 (Disponible en Français)

Para kay: (Pangalan ng nangangupahan) Isama ang mga pangalan na lahat ng nangangupahan	Mula kay: (Pangalan ng nagpapaupa)
Address ng Inuupahang Yunit:	
<p>Ito ay isang legal na abiso na maaaring humantong sa pagpapalayas sa inyo mula sa inyong tahanan.</p> <p>Ang sumusunod na Impormasyon ay mula sa inyong nagpapaupa</p> <p>Ibibigay ko ang abiso na ito dahil naminwala ako na dapat ninyo akong bayaran ng <input type="text"/> sa renta.</p> <p>Tingnan ang talahanayan sa susunod na pahina para sa pagpapaliwanag kung paano ko kinakula ang halagang ito.</p> <p>Maari akong mag-play sa Lupon upang palayasin kayo kung kayo ay hindi:</p> <ul style="list-style-type: none"> magbabayad ng halagang ito hanggang <input type="text"/> - Ito ay tinatawag na petsa ng pagwawakas. O kaya umalis hanggang sa petsa ng pagwawakas. <p>Kung may isa pang renta ang dapat bayaran sa o bago ang petsa na gagawin ninyo ang nabanggit sa itaas na pagbabayad sa inyong nagpapaupa, kailangan din ninyong bayaran ang dagdag na halagang ito.</p> <p>ANG KAILANGAN NINYONG MALAMAN</p> <p>Ang sumusunod na Impormasyon ay ibinigay ng Lupon ng Nagpapaupa at Nangangupahan</p> <p>Ang petsa ng pagwawakas Ang petsa na ibinigay sa inyo ng nagpapaupa sa abiso na ito para magbayad o umalis ay kailangang hindi bababa sa: <ul style="list-style-type: none"> 14 na araw matapos kayong biyayn ng nagpapaupa ng abiso, kung kayo ay nagrenta kada buwan o taon, o 7 araw matapos kayong biyayn ng nagpapaupa ng abiso, kung kayo ay nagrenta kada araw o linggo. </p> <p>Paano kung sumasagay ayon kayo sa abiso? Kung sumasang-ayon kayo na dapat ninyong bayaran ang halagang sinasabi ng nagpapaupa, dapat ninyong bayaran ang halagang ito hanggang sa petsa ng pagwawakas sa abiso na ito. Kung gagawin ninyo ito, hindi puwedeng mag-play ang nagpapaupa sa Lupon na palayasin kayo batay sa abiso na ito.</p> <p>Kung hindi ninyo babayaran ang halagang dapat bayaran, hindi ninyo kailangang umalis. Gayundaman, maaaring mag-play ang nagpapaupa sa Lupon na palayasin kayo. Kung mag-aaplay ang nagpapaupa sa Lupon na palayasin kayo at ipag-uutos ng Lupon ang pagpapalayas, maaaring na kailangan ninyong bayaran ang bayaran ng nagpapaupa sa paghahain, dagdag sa dapat ninyong bayaran.</p> <p>Paano kung hindi kayo sumasagay ayon kayo sa abiso? Hindi ninyo kailangang umalis kung hindi kayo sumasang-ayon sa abiso na ito. Maari kayong makipag-usap sa inyong nagpapaupa. Maari rin kayong humingi ng legal na payo. Kung hindi ninyo maayos ito, maaaring mag-play ang nagpapaupa sa Lupon ng kautusang palayasin kayo. Magtatagda ang Lupon ng pagiging kung saan kayo puwedeng magpalitan ng kung bakit hindi kayo sumasang-ayon.</p> <p>Paano kung aalis kayo? Kung aalis kayo pagdating ng petsa ng pagwawakas sa abiso na ito, matatapos ang inyong pangangupahan sa petsa ng pagwawakas. Gayundaman, maaaring may bayaran pa rin kayo sa inyong nagpapaupa. Hindi makapag-aaplay ang nagpapaupa sa Lupon ngunit maari pa rin nila kayong demanda sa Corte para sa perang ito.</p>	

Page 1 sa 2

Ganito ang itsura ng Opisyal na Abiso ng Pagpapalayas

Tukuyin kung nasaang hakbang kayo sa proseso ng pagpapalayas




Kung magsimula kayong magkaroon ng mga isyu sa nagpapaupa o inuupahan ninyong ari-arian, subukang lutasin ito bago magsimula ang proseso ng pagpapalayas.

Ang pagpapalayas ay isang pormal na pamamaraan na pinangangasiwaan ng Lupon ng Nagpapaupa at Nangungupahan (Landlord and Tenant Board, LTB) ng Ontario. Dapat sundin ng bawat nagpapaupa ang serye ng mga hakbang para legal na mapalayas ang isang nangungupahan. Ating tatawagin ang mga hakbang na ito na tatlong yugto ng proseso ng pagpapalayas.

Kung hindi pa kayo humingi ng legal na payo sa puntong ito, dapat ninyong gawin ito sa lalong madaling panahon.

Paano Gumagana ang Pagpapalayas



Mga dahilan ng pagpapalayas na kinikilala sa ilalim ng Residential Tenancies Act

- Mga utang na renta
- Palaging nahuhuling bayad
- Pagkasira
- Malaking pangiangalam sa makatwirang paggamit sa yunit
- Pinsala sa kaligtasan
- Sobrang dami ng tao
- Illegal na Gawain
- Maling pag-uulat ng kita (kung nagbabayad ang nangungupahan ng Renta-Batay-sa-Kinikita)
- Kailangang gamitin ng nagpapaupa
- Kailangang gamitin ng bumili
- Demolisyon, pagkukumpuni o pagbabago

Walang Dahilang Pagpapalayas

Narito ang mga pinakakaraniwang dahilan na itinalaga ng Residential Tenancies Act

Mga Madudulugan

Listahan para sa Hindi Lehitimong Abiso ng

Narito ang isang listahan ng dapat hanapin para maberipika kung ang abisong inyong natanggap ay may bisa.

Madalas kabilang sa mga hindi lehitimong abiso ng pagpapalayas ang hindi opisyal na Mga Abiso ng Lupon ng Nagpapaupa at Nangungupahan o mga abiso na may hindi pormal na petsa. Tingnan ang Yugto 0 sa pahina 6 para sa mas maraming impormasyon.

Kung hindi kayo sigurado kung lehitimo o hindi ang inyong abiso ng pagpapalayas, makipag-ugnay sa inyong pinakamalapit na ahensiya na nagbibigay ng legal na tulong (impormasyon ng pagkontak sa mga Organisasyon na Makakatulong sa pahina 23).

Listahan para sa Hindi Lehitimong Abiso ng Pagpapalayas

Para maging epektibo, ang abiso na tapusin ang pangungupahan ay dapat:

- Nasa anyo ng abiso mula sa Lupon ng Nagpapaupa at Nangungupahan
- May pangalan na nagsisimula sa Abiso para Tapusin ang Inyong Pangungupahan. Maaaring nagtataglay ito ng isa sa mga numerong ito sa itaas: N4, N5, N6, N7, N8, N12, o N13
- Sinasabi ang petsa na gusto ng nagpapaupa na umalis kayo
- Nakasaad ang dahilan kung bakit gusto ng nagpapaupa na umalis kayo
- Nakasaad ang mga detalye tungkol sa dahilan
- Bibigyan kayo ng sapat na oras para umalis, depende sa dahilan ng pagpapalayas. Magtanong sa ACTO o sa inyong lokal na ahensiya na nagbibigay ng legal na tulong para malaman kung ano ang sapat na oras
- Mayroong lehitimong dahilan at ginawa na may matapat na layunin

Kung hindi sumusunod ang abiso sa lahat ng kondisyong nakalahad sa itaas, hindi legal ang abiso ng pagpapalayas at hindi maipatutupad.

Mga Madudulugan

Plano ng Kasunduan sa Pagbabayad ng LTB

Ito ay plano ng kasunduan sa pagbabayad mula sa Lupon ng Nagpapaupa at Nangungupahan na kailangan lagdaan ninyo ng nagpapaupa para gawin itong legal na dokumento. Siguraduhin na ang plano ay makatotohanan para sa inyong sitwasyon at may mga kondisyon na nananalig kayo na matutugunan ng inyong kinikita. Mangyaring basahin din ang pahina 13 para malaman ang tungkol sa kamakailang mga pagbabago sa RTA na makakaapekto sa mga kasunduan sa pagbabayad muli.

Mahalagang impormasyon tungkol sa Kasunduan sa Pagbabayad

Ang isang nagpapaupa at nangungupahan ay puwedeng gamitin ang porma na ito kapag naghain ang nagpapaupa ng aplikasyon na L1 (Aplikasyon upang Palayasin ang Nangungupahan para sa Hindi Pagbabayad ng Renta at Kolektahin ang Renta na Dapat Bayaran ng Nangungupahan), o isang aplikasyon na L9 (Aplikasyon upang Kolektahin ang Renta na Dapat Bayaran ng Nangungupahan).

Basahing mabuti ang impormasyong ito bago sagutan o lagdaan ang nakalakip na porma ng Kasunduan sa Pagbabayad.

Maaaring gusto muna ninyong humingi ng legal na payo. Kapag nalagdaan na ng nagpapaupa at nangungupahan ang Kasunduan sa Pagbabayad, ito ay isang legal na kontrata.

Hindi ninyo kailangang lagdaan ang Kasunduang ito kung hindi kayo sumasang-ayon sa lahat ng tuntunin. Kung hindi magkasundo ang nagpapaupa at nangungupahan sa lahat ng tuntunin (kabilang kung ano ang mangyayari kapag may hindi naibigay na bayad) gagawa ang Lupon ng Nagpapaupa at Nangungupahan (ang Lupon) ng pagdinig at isang Miyembro ng Lupon ang magpapalabas ng kautusan.

Ang Kasunduan sa Pagbabayad ay maaaring isama ang:

- halaga ng renta na dapat bayaran ng nangungupahan sa nagpapaupa hanggang sa katapusan ng kasalukuyang panahon ng pag-upa, sa petsa na nalagdaan ang Kasunduang ito,
- anumang mga sinisingil ng NSF na bangko at nauugnay na mga singil sa pangangasiwa na dapat bayaran ng nangungupahan sa nagpapaupa,
- bayarin na binayaran ng nagpapaupa upang ihain ang aplikasyon,
- anumang bagong renta na dapat bayaran sa panahong sinasaklaw ng Kasunduan (para lamang sa mga Aplikasyon na L1), at
- kasunduan na ang nagpapaupa ay maaaring mag-aplay para sa kautusan na pagpapalayas nang walang abiso sa nangungupahan at walang ginaganap na pagdinig kung may malibanan o mahuling bayad ang nangungupahan (para lamang sa mga Aplikasyon na L1).

Ang Kasunduan sa Pagbabayad ay hindi maaaring:

- sumang-ayon na tapusin ang pangungupahan o palayasin ang nangungupahan,
- isama ang anumang muling pagbabayad ng anumang utang na hindi renta maliban sa mga nakalista sa itaas
- gamitin kung saan pinagsama ng nagpapaupa ang aplikasyon para sa mga utang na renta at iba pang uri ng aplikasyon. Maaari lang itong gamitin para sa mga aplikasyon sa mga utang na renta (mga aplikasyon na L1 at L9).

Ibigay kaagad sa Lupon ang nakumpletong porma:

Dapat ipadala ang porma na ito sa lokal na Panrehiyong Opisina ng LTB sa pamamagitan ng email kapag ito ay nakumpleto at nilagdaan na ng nagpapaupa at nangungupahan. Kung ang porma ay ibinigay sa Lupon nang malapit sa petsa ng pagdinig ang Lupon ay maaaring walang panahon upang magpalabas ng kautusan bago ang pagdinig. Kung mangyayari ito, magpapatuloy ang pagdinig at dapat kayong dumalo sa pagdinig.

Paghahain ng porma na ito sa Lupon:

Kapag nalagdaan na ng lahat ng partido ang porma na ito ay dapat maihain sa Lupon. Maaari kayong maghain ng kopya ng kasunduan sa Lupon sa pamamagitan ng email, sulat sa koreo, sa lokal na Panrehiyong Opisina ng LTB.

Ano ang mangyayari matapos maihain ang porma na ito sa Lupon:

Magdedesisyon ang Lupon kung gagawa ng "kautusan ng pahintulot" batay sa Kasunduan. Kung ipalabas ang isang kautusan ng pahintulot makakansela ang pagdinig.

Kung ang Lupon ay **hindi** magpalabas ng kautusan ng pahintulot, gaganapin ang pagdinig gaya ng nakatakda (o muling itatakda ang pagdinig). Kung gaganapin ang isang pagdinig mahalagang daluhan ng lahat ng partido ang pagdinig. Kung hindi kayo pupunta sa pagdinig, gagawin ng Lupon ang pagdinig nang wala kayo. Para sa impormasyon tungkol sa inyong pagdinig, tingnan ang Abiso tungkol sa Pagdinig.

Mahalaga: Kung wala kayong matanggap na kautusan mula sa Lupon bago ang petsa ng inyong pagdinig, dapat ninyong tawagan ang Lupon upang alamin kung nakansela ang pagdinig.

Ano ang mangyayari matapos gumawa ang Lupon ng kautusan ng pahintulot:

Maaaring hingin ng nagpapaupa o ng nangungupahan sa Lupon na **muling buksan ang aplikasyon sa loob ng 30 araw** matapos gawin ng Lupon ang kautusan ng pahintulot, kung naniniwala sila na ang kabilang partido ay:

- pinilit sila na pumasok sa kasunduan, o
- sinadya silang bigyan ng mali o nakakalitong impormasyon na nagkaroon ng "malaking epekto" sa Kasunduang ito at sa kautusan.

Kung muling bubuksan ang isang aplikasyon, magkakaroon ng pagdinig at magdedesisyon ang Lupon kung dapat baguhin ang kautusan.

Ano ang mangyayari kung hindi natutugunan ng Nangungupahan ang mga tuntunin ng muling pagbabayad? Para sa mga

Aplikasyon na L1 at L9:

Kung magpapalabas ang Lupon ng kautusan ng pahintulot batay sa Kasunduang ito at sasabihin ng nagpapaupa na ang nangungupahan ay hindi nakabayad nang buo sa takdang oras, maaaring hingin ng nagpapaupa sa Lupon na muling buksan ang aplikasyon at gawin ang pagdinig. Kailangang gawin ng nagpapaupa ang kahilingan sa loob ng 30 araw matapos mabigo ang nangungupahan na magbayad nang buo at sa takdang oras.

Opsyon para lamang sa mga Aplikasyon na L1:

Kung sumang-ayon ang nagpapaupa at nangungupahan, isasama ng kautusan ng pahintulot ang tuntunin na nagpapahintulot sa nagpapaupa na hingin sa Lupon na magpalabas ng kautusan ng pagpapalayas kung hindi makabayad ang nangungupahan nang buo at sa takdang oras. Ang bagong aplikasyon (L4) ay kailangang gawin ng nagpapaupa sa loob ng 30 araw ng pagkabigo ng nangungupahan na magbayad nang buo at sa takdang oras. Hindi naniningil ang Lupon ng bayad sa paghahain para sa ganitong uri ng aplikasyon.

Mahalagang paalala sa mga nangungupahan:

Kung sasang-ayon kayo sa opsyon na ito, hindi kailangang sabihin sa inyo ng nagpapaupa bago sila maghain ng bagong aplikasyon para sa pagwawakas ng inyong pangungupahan at pagpapalayas. Kung tatanggapin ng Lupon ang aplikasyon ng nagpapaupa, magpapadala ito ng kautusan ng pagpapalayas sa magkabilang partido nang walang pagdinig mula sa inyo.

Kung makatanggap kayo ng kautusan ng pagpapalayas nang walang pagdinig, maaari kayong maghain ng hakbang na isantabi ang kautusan sa loob ng 10 araw ng petsa na ginawa ang kautusan, upang humingi ng pagdinig para kuwestiyunin ang pagpapalayas.



Tribunals Ontario
Landlord and Tenant Board

**Kasunduan sa
Pagbabayad**
(Disponible en français)

Numero ng
File

--	--	--	--	--	--	--	--	--	--	--	--	--	--	--	--	--	--	--	--	--	--	--

Kasunduan sa Pagbabayad na mag-areglo batay sa:

- isang Aplikasyon na L1 (isang Aplikasyon upang Palayasin ang isang Nangungupahan para sa Hindi pagbabayad ng Renta at upang Kolektahin ang Renta na Dapat Bayaran ng Nangungupahan), o
- isang aplikasyon na L9 (isang Aplikasyon na Kolektahin ang Renta na Dapat Bayaran ng Nangungupahan)

(Mga) Nagpapaupa:	(Mga) Nangungupahan:
Address ng Inuupahang Yunit:	

Ang mga salitang "nagpapaupa" at "nangungupahan" ay gagamitin sa Kasunduang ito upang isama ang lahat ng nakalista sa itaas.

Sumasang-ayon ang nagpapaupa at nangungupahan sa sumusunod na plano ng muling pagbabayad upang aregluhin ang aplikasyon ng nagpapaupa.

1. Halagang babayaran ng nangungupahan:

\$

						.		
--	--	--	--	--	--	---	--	--

 Renta hanggang sa

	/		/				
--	---	--	---	--	--	--	--

 petsa na ito:
aa/bb/tttt

\$

						.		
--	--	--	--	--	--	---	--	--

 Mga sinisingil ng bangko na NSF at mga singil sa pangangasiwa (opsyonal)
Tandaan: \$20.00 maximum na singil sa pangangasiwa kada tseke

\$

						.		
--	--	--	--	--	--	---	--	--

 Bayarin na binayaran ng nagpapaupa upang ihain ang aplikasyon (opsyonal)

\$

						.		
--	--	--	--	--	--	---	--	--

 Kabuuang halagang babayaran

2. Mga Halaga at petsa ng pagbabayad:

Sumasang-ayon ang nangungupahan na bayaran ang nagpapaupa ng halaga sa seksyon 1 sa itaas, ayon sa sumusunod: (Walang paghihigpit sa bilang ng mga pagbabayad na maaari ninyong sang-ayunan. Maglakip ng hiwalay na papel kung kailangan ang higit pang mga pagbabayad.)

	Halagang babayaran	Taktang petsa ng pagbabayad (aa/bb/tttt)																	
1. \$	<table border="1" style="display: inline-table;"><tr><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td>.</td><td></td><td></td></tr></table>							.			<table border="1" style="display: inline-table;"><tr><td></td><td>/</td><td></td><td>/</td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr></table>		/		/				
						.													
	/		/																
2. \$	<table border="1" style="display: inline-table;"><tr><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td>.</td><td></td><td></td></tr></table>							.			<table border="1" style="display: inline-table;"><tr><td></td><td>/</td><td></td><td>/</td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr></table>		/		/				
						.													
	/		/																
3. \$	<table border="1" style="display: inline-table;"><tr><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td>.</td><td></td><td></td></tr></table>							.			<table border="1" style="display: inline-table;"><tr><td></td><td>/</td><td></td><td>/</td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr></table>		/		/				
						.													
	/		/																
4. \$	<table border="1" style="display: inline-table;"><tr><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td>.</td><td></td><td></td></tr></table>							.			<table border="1" style="display: inline-table;"><tr><td></td><td>/</td><td></td><td>/</td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr></table>		/		/				
						.													
	/		/																
5. \$	<table border="1" style="display: inline-table;"><tr><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td>.</td><td></td><td></td></tr></table>							.			<table border="1" style="display: inline-table;"><tr><td></td><td>/</td><td></td><td>/</td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr></table>		/		/				
						.													
	/		/																
6. \$	<table border="1" style="display: inline-table;"><tr><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td>.</td><td></td><td></td></tr></table>							.			<table border="1" style="display: inline-table;"><tr><td></td><td>/</td><td></td><td>/</td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr></table>		/		/				
						.													
	/		/																
7. \$	<table border="1" style="display: inline-table;"><tr><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td>.</td><td></td><td></td></tr></table>							.			<table border="1" style="display: inline-table;"><tr><td></td><td>/</td><td></td><td>/</td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr></table>		/		/				
						.													
	/		/																
8. \$	<table border="1" style="display: inline-table;"><tr><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td>.</td><td></td><td></td></tr></table>							.			<table border="1" style="display: inline-table;"><tr><td></td><td>/</td><td></td><td>/</td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr></table>		/		/				
						.													
	/		/																
9. \$	<table border="1" style="display: inline-table;"><tr><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td>.</td><td></td><td></td></tr></table>							.			<table border="1" style="display: inline-table;"><tr><td></td><td>/</td><td></td><td>/</td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr></table>		/		/				
						.													
	/		/																

10.	\$																		/									/								
11.	\$																		/									/								
12.	\$																		/									/								

v. 12/11/2020

3. Dapat bayaran ang renta (mga Aplikasyon na L1 lamang):

Sumasang-ayon din ang nangungupahan na bayaran ang nagpapaupa ng renta na dapat nang bayaran hanggang ang buong halagang dapat bayaran sa seksyon 1 ay nabayaran na. Ang mga pagbabayad na ito ay dagdag pa sa mga pagbabayad sa seksyon 1. (Maglakip ng karagdagang papel kung sumasang-ayon na bayaran ang renta sa mga alternatibong petsa.)

Ang renta ay dapat bayaran sa ___ araw ng bawat buwan linggo iba pa (tukuyin) _____

Ang kasalukuyang renta ay \$ kada buwan linggo iba pa (tukuyin) _____

4. Pagkabigong magbayad:

Para sa mga Aplikasyon na L1 at L9:

Kung sasabihin ng nagpapaupa na hindi nakabayad ang nangungupahan ng buong halaga sa takdang oras, maaaring hingin ng nagpapaupa sa Lupon na muling buksan ang aplikasyon at gumawa ng pagdinig. Kailangang gawin ng nagpapaupa ang kahilingan sa loob ng 30 araw matapos mabigo ang nangungupahan na magbayad nang buo at sa takdang oras.

Para sa mga Aplikasyon na L1 (opsyonal):

Kung sasabihin ng nagpapaupa na hindi nakabayad ang nangungupahan ng anumang pinagkasunduang bayad nang buo at sa takdang oras, maaaring maghain ang nagpapaupa ng bagong aplikasyon (L4) sa Lupon para sa isang kautusang nagwawakas sa pangungupahan at pagpapalayas sa nangungupahan. Kailangang gawin ng nagpapaupa ang bagong aplikasyon sa loob ng 30 araw ng pagkabigo ng nangungupahan na magbayad nang buo at sa takdang oras. Hindi naniningil ang Lupon ng bayad sa paghahain para sa ganitong uri ng aplikasyon.

Mahalagang paalala sa mga nangungupahan:

Kung sasang-ayon kayo sa opsyong ito, hindi kailangang sabihin ng nagpapaupa sa inyo bago sila maghain ng bagong aplikasyon. Kung tatanggapin ng Lupon ang aplikasyon ng nagpapaupa, magpapadala ito ng kautusan ng pagpapalayas sa dalawang partido nang walang pagdinig mula sa inyo.

Nangungupahan: kung sasang-ayon kayong isama ang tuntuning ito, maglagay ng inisyal dito: _____

_____	_____	_____
Pangalan ng Nangungupahan	Lagda	Petsa
_____	_____	_____
Pangalan ng Nangungupahan	Lagda	Petsa
_____	_____	_____
Pangalan ng Nagpapaupa/Kinatawan	Lagda	Petsa
_____	_____	_____
Pangalan ng Nagpapaupa/Kinatawan	Lagda	Petsa

(Kung mas marami ang mga pangalan kaysa sa espasyo, ilagay ang mga ito sa ibaba, gamit ang parehong format.)

GAGAMITIN LAMANG NG OPISINA:						
<input type="radio"/>	<input type="radio"/> Sul	<input type="radio"/> Courier	<input type="radio"/> Email	<input type="radio"/> Efile	<input type="radio"/> Fax	MS <input type="checkbox"/> FL <input type="checkbox"/>

Mga Madudulugan

Worksheet ng plano sa pagbabayad muli para sa mga utang (ACTO)

Makakatulong sa inyo ang worksheet na ito na maghanda sa pakikipag-usap sa nagpapaupa tungkol sa isang plano sa pagbabayad o para pag-usapan ang ganito sa inyong pagdinig. Isulat ang inyong mga sagot sa ibaba.

Kung kailangan ninyo ng tulong sa pagbabayad ng renta, maghanap ng mga madudulugan at programa para sa tulong sa renta sa pahina 23.

Ang aking buwanang renta ay	\$	
Ang halaga ng renta na dapat kong bayaran hanggang sa araw	\$	
Dagdag ang bayad ng nagpapaupa sa aplikasyon (\$201, \$186 para sa e-file)	+ \$	
Ang kabuuang halagang dapat kong bayaran ay	= \$	

- Hindi ako nakabayad ng renta dahil...

- Gusto kong manatili sa aking tahanan at hindi dapat mapalayas dahil (Maaaring kasama sa ilang mga dahilan ang: mga medikal na dahilan, mga bata o matatanda, kapansanan, kakulangan sa pera)...

- Makakabayad ako ng renta sa hinaharap at makakapagbigay ng mga ekstrang bayad upang bayaran ang aking utang dahil...

- Kailangan ko ng ____ buwan upang bayaran ang aking utang.
- Makakaya kong bayaran ang aking regular na buwanang renta na \$ - _____ sa araw na dapat bayaran ang aking renta sa bawat buwan.
- Makakaya ko ring bayaran ang \$ _____ pa bawat buwan upang bayaran ang aking utang. Babayaran ko ang ekstrang halagang ito sa mga petsa na ito:

Ang worksheet na ito ay inihanda ng Tenant Duty Counsel Program at pinondohan ng Legal Aid Ontario.

Mga madudulugan Halimbawang Sulat: Karapatan ng Unang Pagtangga para sa mga Pagkukumpuni o Pagbabago

Narito ang isang halimbawang sulat upang makatiyak na alam ninyo ang sasabihin sa nagpapaupa kung makatanggap kayo ng hindi lehitimong abiso ng pagpapalayas para sa mga pagkukumpuni o pagbabago. Gamitin ang halimbawang ito bilang gabay para gawin ang inyong sariling sulat



Pakitandaan na ito ay halimbawang sulat lamang at hindi ito nagbibigay ng legla na payo at anumang komunikasyon ay sa pagitan lamang ninyo at ng nagpapaupa.

<Ilagay ang Petsa >

Mahal na <Ilagay ang Pangalan ng Nagpapaupa >,

Sa <Ilagay ang petsa na natanggap ninyo ang inyong abiso ng pagpapalayas >, nakatanggap ako ng N13 (Abiso para Tapusin ang inyong Pangungupahan Dahil Gusto ng Nagpapaupa na Ipagiba ang Pinauupahang Yunit, Kumpunihin ito o Baguhin ito para sa Ibang Gamit) na abiso mula sa inyo na nagsasabing kailangan kong umalis.

May karapatan akong bumalik sa yunit sa sandaling makumpleto ninyo ang mga pagkukumpuni o pagbabago. Mangyaring ituring ito bilang aking nakasulat na abiso na nagsasabi sa inyo na gusto kong bumalik. Gayundin, ibinibigay ko sa inyo ang aking address at impormasyon para ako ay makontak:

Ang mga kahihinatnan kung hindi mangyayari ito ay kinabibilangan ng pagdudulog dito sa Lupon ng Nagpapaupa at Nangungupahan kung saan diringgin ang ating mga kaso.

[Lagda]

Pangalan ng nangungupahan: <Ilagay ang Inyong Pangalan >

Space for notes:



